# KAHULUGAN NG SALITA SA PAMAMAGITAN NG KASALUNGAT

*Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang maibibigay mo ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng kasalungat at makasusulat ng talatang naglalarawan ng isang karanasan.*



## Pagbalik-aralan Mo

Pag-aralan ang puzzle. Bilugan ang mga pandiwang mabubuo.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | N | I | H | I | N | K | O | N | A | S |
| P | I | N | A | G | P | A | P | A | L | A |
| I | T | A | A | S | O | K | A | A | I | N |
| N | A | I | P | I | T | A | K | T | S | O |
| A | A | T | R | A | S | I | A | B | I | T |
| T | S | O | V | T | P | N | P | A | N | D |
| U | A | U | M | A | V | L | I | A | S | D |
| T | U | A | N | T | P | O | T | A | L | I |
| U | O | B | I | O | R | A | I | S | D | D |
| K | K | W | O | S | N | N | N | O | R | D |
| A | A | S | A | A | B | A | T | H | I | G |
| A | T | K | W | A | L | I | S | I | N | O |

Ganito ba ang nabuo mo?

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | anihin | 6. | alisin |
| 2. | pinagpala | 7. | kakain |
| 3. | itaas | 8. | pakapitin |
| 4. | naipit | 9. | alis |
| 5. | aasa | 10. | walisin |
| | | 11. | aatras |

Gumawa ka ng isang maikling kuwento ukol sa iyong karanasan at gamitin mo ang mga pandiwang nabuo mo sa "puzzle".

## Pag-aralan Mo

Basahin nang tahimik ang kuwento.


### Ang Unang Tao



Bago pa dumating ang mga Espanyol sa ating kapuluan sinasabing may naninirahan nang iba't ibang lipi ng mga katutubo rito. Ito ay ang mga Ita, Baluga, Negrito at ang mga Dumagat. Maiitim, kingki ang buhok, sarat ang ilong, makapal ang labi at pandak. Karaniwan sa kanila ay sa kagubatang malapit sa dagat at ilog naninirahan. Wala silang palagiang tirahan. Nagpapauli-uli lamang sila sa paghahanap ng pagkain

Ngayon, sila ay naninirahan sa isang pamayanan. Nakadamit na sila. Ang mga babae ay nakapalda at blusa at ang mga lalaki ay mga nakasuot ng dyaket. May naninirahan sa kanila sa Quezon, Rizal, Laguna, Bulacan, Tarlac, Bataan at Zambales

SAGUTAN: Gamitin ang "Semantic Web"




1. Sino ang unang tao?
2. Ano ang kanilang mga katangian?
3. Saan sila naninirahahan?
4. Paano sila kumakain?
5. Saan sila naninirahan sa ngayon?
6. Kabilang ka ba sa kanila? Bakit?

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Ita, Baluga, Negrito, Dumagat.
2. Maitim, pandak, sarat ang ilong, makapal ang labi, kingki ang buhok.
3. Naninirahan sila sa kagubatang malapit sa dagat at ilog.
4. Nagpapauli-uli lamang sila sa paligid-ligid.
5. Naninirahan sila ngayon sa Rizal, Laguna, Bulacan, Nueva Ecija, Nueva Vizcaya, Tarlac, Bataan at Zambales.
6. Hindi, ang mga magulang ko ay may pirmihang hanapbuhay.

Magaling!!! Paghusayin mo pa ang pagsagot sa susunod na gawain.

Piliin at isulat sa sagutang papel ang kasalungat ng salitang may salungguhit.

1. Mga unang tao ang mga Negrito.

   a. huling c. isang
   b. limang d. ninuno

2. Watak-watak ang katutubong tribo.

   a. Sabay sabay c. Hiwa-hiwalay
   b. Sama-sama d. Bigkis-bigkis

3. Pandak ang mga ito.

   a. Maliit c. Matangkad
   b. Mataba d. Mabilog

4. Malapit sa dagat at ilog ang tirahan.

   a. Malayo c. Malalim
   b. Mataas d. Di-kalayuan

5. Nagpapauli-uli sa paligid-ligid ang mga kawal.

   a. Nagpipirmi c. Nagpapalapit
   b. Nagpapalayo d. Nagpapabalik-balik

## ISAISIP MO

Ang kasalungat na salita ay nangangahulugang naiiba o kabaligtaran ang kahulugan ng salita. Ito ay isang paraan ng pagpapaunlad ng talasalitaan.



## Pagsanayan Mo

Isipin mong mabuti ang kasalungat ng salita na may kahon. Isulat mo sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. **[Pambihira]** ang kagandahan ni Prinsesa Perlita.

   a. Natatangi    c. Karaniwan
   b. Naiiba    d. Payak

2. Pakakasalan ng Prinsesa ang sinumang **[magwawagi]** sa torneo.

   a. mananalo    c. magtatagumpay
   b. matatalo    d. mananaig

3. Tumatawag ang prinsipe sa kanyang mga **[kapanalig]**

   a. kalaban    c. kasapi
   b. kasama    d. kaaway

4. Bunga ng pagkakatalo sa labanan taglay ng Prinsipe ang **[paghihiganti]**

   a. pag-aaway    c. pagpapaumanhin
   b. paglalaban    d. pakikipagkasundo

5. **[Sumulpot]** sa karagatan ang isang malaking krus.

   a. Lumitaw    c. Lumubog
   b. Paglalaban    d. Sumilang

Ngayon alam na alam mo na ang kasalungat na kahulugan ng mga salita. Gawin mo pa ang mga sumusunod upang lumawak pa ang iyong kaalaman sa kahulugan ng mga salita.



## Subukan Mo

Isulat sa kahon ang salita na kasalungat ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

1. Mabilis ang kunehong tumakbo kaysa pagong.

   a. mabagal  b. matulin  c. malalim

2. Ipinakita niya ang kanyang kabutihang loob sa mahihirap.

   a. itinago  b. itinabi  c, isinara

3. Siya ang tagapagmana ng namatay niyang ama.

   a. nailibing  b. nabubuhay  c. nagtatago

4. Ang ina ang siyang naghahanap-buhay para sa kanilang pamilya.

   a. tatay  b. anak  c. nanay

5. Nakapagdudulot ng ibayong paghihirap sa bansa ang kamangmangan ng mga mamamayan.

   a. kagalingan  b. katamaran  c. kalituhan

Isulat mo

**A. Ayusin mo ang mga pangungusap para makabuo ng isang talata.**

1. Araw ng Sabado.
2. Maaga akong gumising.
3. Isasama ako ni tatay sa bukid upang magtanim.
4. May dala kaming pagkain.
5. Hapon na kami umuwi.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**B. Sumulat ng isang talata na kahalintulad ng nasa itaas na ayon sa iyong sariling karanasan.**

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________